# PAGTUGON SA MGA KARANIWANG FACTORS SA MARITIME

*Posted on 07.08.2023 by Adam Parnell*

**Category:** General Maritime

**Edition**MFB 71

## Editorial

Sa edisyong ito, nakatuon kami sa tatlong kritikal na mga dahilan na nakakaapekto sa kaligtsasan sa dagat: pagkukulang sa komunikasyon, presyur na matugunan ang mga komersyal na pangangailangan at hindi sapat na pangangasiwa. Ang mga paulit-ulit na mga isyu na ito ay nagbibigay-diin sa agarang pangangailangan na mapabuti ang mga kagawian at mas paigtingin pa ang safety culture sa industriya.

Una, ang epektibong komunikasyon ay may mahalagang papel upang matiyak na may ligtas na operasyon. Sa kaso ng pagkawala ng kuryente (M2109), ang kakulangan ng komunikasyon sa pagitan ng chief engineer at ng bridge crew ay nagresulta ng hindi sinasadyang pagkawala ng kuryente. Gayun din, ang mga insidenteng kinasasangkutan ng pagpalya ng makina (M2117) at hindi wastong impormasyon sa panahon ng master-pilot exchange (M2118), ang naging highlight ng panganib sa hindi sapat na komunikasyon. Ang insidenteng kinasasangkutan ng kahirapan sa komunikasyon (M2113) ay nagbibigay diin sa kahalagahan ng pagiging mahusay sa maritime English para magkaroon ng epektibong teamwork at emergency response.

Pangalawa, ang presyur na matugunan ang mga komersyal na pangangailangan ay kadalasang nakakakalikha ng salungatan sa safety considerations. Habang maraming mga kumpanya ang umaangkin na ang kaligtasan ang kanilang pangunahing prayoridad, ang pangakong ito ay hindi palaging nakikita sa mga pangangailangang komersyal ng mga barko sa oras at resources na nakalaan sa kanila.

Panghuli, ang hindi sapat na pangangasiwa at pagkalingat ang dahilan ng ganitong hindi ligtas na mga pamamaraan. Ang insidenteng sangkot ang hindi sapat na superbisyon at risk assessment sa pagpintura sa gilid ng barko (M2107) ay malinaw na naglalarawan ng mapanganib na kahihinatnan ng pag-una sa iskedyul kaysa sa kaligtasan. Dagdag pa dito, ang banggaan ng yate (M2114) ay nagbibigay diin sa kahalagahan ng pagpapanatili ng wastong pagbabantay at pananatiling maingat sa congested (high-traffic) waters.

Upang matugunan ang mga isyung ito, ang maritime industry ay kinakailangang magtaguyod ng kultura para sa kaligtasan at bukas na komunikasyon. Ang mga kumpanya ay dapat mag-invest sa

pagkakaroon ng tuloy-tuloy na pagsasanay at pag-unlad para masigurado ang kahusayan sa kritikal na mga bahagi gaya ng komunikasyon at risk assessment.  Ang mga supervisor at officer ay kinakailangang magsagawa ng proactive na mga hakbang upang magarantiya ang kaligtasan ng kanilang mga crew at ng operasyon, kabilang na ang sapat na pangangasiwa at pagsunod sa mga itinatag na pamamaraan.

Bukod pa dito, ang mga ahensya ng gobyerno ay kinakailangang ganapin ang kanilang papel sa pagpapatupad ng safety standards at pagtataguyod ng pinakamagaling na pamamaraan.  Ang pagkakaroon ng regular na inspeksyon at assessment ay makakatulong na matukoy ang mga bahaging kailangan ng improvement at upang panagutin ang mga kumpanya upang magkaroon ng pinakamataas na safety standards.

Sa pamamagitan ng pagtugon sa mga pangunahing temang ito at pagpapatupad ng nararapat na pagbabago, ang maritime industry ay maaaring mapahusay ang kaligtasan, maiwasan ang mga aksidente, at mapangalagaan ang kapakanan ng mga tripulante at mga barko.

Hanggang sa susunod na edisyon – manatiling ligtas!

# There are no comments yet.